Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy sa kasarian ng pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*, kasarian - *gender*

Panuto: Isulat sa patlang ang kasarian ng pangngalan na may salungguhit. Gamitin ang mga sumusunod na titik: PB (pambabae), PL (panlalaki), DT (di-tiyak ang kasarian), at WK (walang kasarian).

1. _____ Malugod na nagpakilala ang bagong kapitbahay.
2. _____ Ang alkansya na gawa sa kawayan ay puno na ng barya.
3. _____ Suot ng binata ang pinakamagara niyang damit.
4. _____ Ang mga lalaki ay dapat nakasuot ng barong Tagalog.
5. _____ Nakaabang sila sa labas para batiin ang mga panauhin.
6. _____ May pinadalang pasalubong ang ninang mo na galing sa Maynila.
7. _____ Pinili siya na maging pangunahing artista sa isang pelikula.
8. _____ Maghahanap ako ng magaling na modista para sa iyong kasal.
9. _____ Narinig nila ang tunog ng kampana ng simbahan.
10. _____ Dumaan dito kanina ang kumpare mo at hinahanap ka.
11. _____ Nakatitig ang lahat sa prinsesa habang siya'y sumasayaw.
12. _____ Sabik na sabik ang mga mamamayan sa pagbisita ng pangulo.
13. _____ Ang lolo ni Lisa ay dating sundalo sa digmaan ng mga Kastila at Amerikano.
14. _____ Kulay puti ang damit ng mga dalagita sa kasal.
15. _____ Nakaabang na ang buong pamilya sa harap ng bahay.
16. _____ Ang inspektor ay ang ginoo na nakatayo sa labas ng tanggapan.
17. _____ Napakaganda ng mga bulaklak at halaman sa hardin ng plaza.
18. _____ Laging sinusundan ng mga sisiw ang inahin.
19. _____ Kinuha ng nars ang *blood pressure* ni Tatay bago siya binigyan ng gamot.
20. _____ Maganda ang sermon ng pari kahapon sa misa.